REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

**TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN**

KAPASIYAHAN BILANG 90-161

KAPASIYAHAN NA BINIBIGYAN KARAPATAN AT KAPANGYARIHAN ANG PUNONG BAYAN, KGG. IGNACIO R. BUNYE NA PUMASOK SA ISANG KASUNDUAN NG PAGPAPAUPA SA MASAGANA SUPERSTORE, INC. NA SIYANG NANALO SA IDINAOS NA PAMPUBLIKONG PAGSUSUBASTA NG DALAWANG LAGAY NA LUPA SA BARANGAY ALABANG, MUNTINLUPA, KALAKHANG MAYNILA PARA SA PAGPAPATAYO NG ISANG "MODERN COMMERCIAL COMPLEX" AYON SA NAPAGKASUNDUANG ALITUNTUNIN NA TINAKDA NG PRE-BIDS AND AWARDS COMMITTEE (PBAC).

- - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - -

SAPAGKAT, ang Muntinlupa ay isa sa mabilis na umuunlad na bayan sa Kalakhang Maynila at sa kabuuan ng bansa;

SAPAGKAT, ang pagkakaroon ng mga mamumuhunan na magtatayo ng mga malalaki at makabagong bahay-kalakal ay makakatulong sa kabang yaman ng bahay pamahalaan bukod pa sa tulong na makababawas sa problemang kawalan ng hanapbuhay;

SAPAGKAT, ang Pre-Bids and Awards Committee sa pangunguna ng Kgg. Punong Bayan, Mggl. Ignacio R. Bunye ay ipinasubasta ang dalawang lagay na lupa na pag-aari nito sa Barangay Alabang na sa kasalukuyan ay ginagamit bilang Jeepney Terminal na may kabuuang sukat 5860 metro kudrado at ng Alabang Vendors Service and Credit Cooperative, Inc. na ang kabuuang sukat 2168 metro kudrado;

SAPAGKAT, ang Masagana Superstore, Inc. ang siyang nanalo sa idinaos na pampublikong pagsusubasta ng dalawang lagay na lupa sa Barangay Alabang, Muntinlupa na pagtatayuan ng isang makabagong commercial complex ayon sa napagkasunduang alituntunin na itinakda ng Muntinlupa Pre-Bids and Awards Committee (MPBAC);

NGAYON DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay pinagpasiyahan at muling pinagpasiyahan na bigyan ng karapatan at kapangyarihan ang Punong Bayan, Kgg. Ignacio R. Bunye na pumasok sa isang kasunduan ng pagpapaupa sa Masagana Superstore, Inc. na siyang nanalo sa idinaos na pampublikong pagsusubasta ng dalawang lagay na lupa sa Barangay Alabang, Muntinlupa, Kalakhang Maynila para sa pagpapatayo ng isang "modern commercial complex" ayon sa napagkasunduang alituntunin na itinakda ng Pre-Bids and Awards Committee (PBAC).

PINAGTIBAY ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa sa kanilang pang 124 pangkaraniwang pulong na ginanap ngayong ika-24 ng Setyember, 1990.

Mggl. IGNACIO R. BUNYE
Punong Bayan/Pangulong Opisyal

Mggl. JAIME R. FRESNEDI
Pang. Punong Bayan/Pang. Pangulong Opisyal

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

**TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN**



Kapasiyahan Bilang 90-161

Kgg. CARLO G. TENSUAN
Konsehal

Kgg. ALEJANDRO L. MARTINEZ
Konsehal

(Hindi bumoto)
Kgg. EPIFANIO A. ESPELETA
Konsehal

(Hindi bumoto)
Kgg. REY E. BULAY
Konsehal

Kgg. LUCIO B. CONSTANTINO
Konsehal

Kgg. ROMAN E. NIEFES
Konsehal

Kgg. NEMESIO Q. MOZO
Konsehal

Kgg. RUFINO B. JOAQUIN
Konsehal

Kgg. ROGER C. SMITH
Konsehal

Kgg. NOLASCO L. DIAZ
Konsehal

(Hindi nakilahok)
Kgg. VICENTE YU CHUA

PINATOTOHANAN :

Mggl. RAUL R. CORRO
Pambayang Kalihim

IRB:RRC:vts